Magsisimula ang pag gamit ng computer device(laptop) ng bawat estudyante para sa pag-aaral!At ito ay maaring bilhin sa panahon ng pag-e-enroll sa Senior High School o Special Senior High School

Q1) Lahat ba ng prefectural senior high school ay bibili ng laptop?

A1) Depende sa senior high school na papasukan kung anong klaseng laptop ang mapipili nilang bilhin depende din kasi ang presyo kung anong modelo nito na may kasamang 3 years guarantee.Para sa iba pang impormasyon ukol ng mga papasok sa class 2025,sa November ay makikita ang update nito I-click lamang ang QR code na nasa gawing kanan. MieKen Board Of Education Senior High School Division.

※ 【Basehan ng nakaraang taon 2024】 Sa 57 senior high school, **54** dito ang binili ay chromebook 47,190yen at **3** naman ang binili ay iPad 57,640yen~85,500yen. Paki tingnan na lamang sa home page.

Q2) Bago ba mag-pasukan ay kailangan na agad namin bumili ng laptop?

A2) Tungkol sa paraan kung paano bumili ng laptop.Matapos ang anunsyu ng resulta ng entrance exam sa March, Ang senior high school na ang makikipag-ugnayan sa inyo. Hindi naman kailangan na bago magpasukan ay nakahanda na ang laptop.

※【Basehan ng pumasok na estudyante ng taon 2024】 Tungkol sa Chromebook ang Mie Prefecture ang naghanda nito at ang MieKenBoard of education Senior High School Division naman ang bumili ng EC Site na siyang ginagamit bilang website na kokonekta sa laptop ng estudyante.Tungkol naman sa iPad ang bawat senior high school ay may pagkakaiba sa paraan ng pagbili nito.

Q3) Paano kung hindi kayang bumili ng laptop , ano ang gagawin?

A3) Para sa ng estudyanteng walang kakayahang bumili ng laptop,Naka handa na Prefecture senior High School Division na magpahiram.Gumanguni na lamang sa school na papasukan.

Q4) Maari bang iuwi sa bahay ang laptop at gamitin ito?

A4) Maaring iuwi,ngunit may limitasyon ito para maiwasan ang access na hindi kanaisnais na sites o mapaminsalang files atbp.Tandaan na kailangan sa bahay ito I charge ang battery ng laptop

(*may pagkakaiba ang tugon Sa special senior high school ukol dito.)

Q5) Maari bang gamitin ang laptop na dati na(luma) ginagamit sa bahay?

A5) Maaring gamitin.(kung ito ay angkop sa pamantayan ng paaralan),Para sa iba pang detalye itanong nalamang sa paaralang papasukan.

Q6) Sino ang magbabayad ng internet kapag sa bahay gagamitin ang laptop?

A6) Kayo ang magbabayad ng internet(wifi)sa bahay.Sa mga estudyanteng makakatanggap ng scholarship subsidy na 14,000yen sa isang taon na maaring ipangbayad kasama sa internet.

Q7) Kung Sa special senior high school makakapasok papaano ang pagbili ng laptop?

A7) Kung sa special senior high school gagamitin ang laptop,ay mayroon incentive sudsidy para dito.

※２ Paki check na lamang sa paaralang papasukan para malaman ang iba pang detalye.